

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA 8 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 24 FEBHERO 2003. IKA 9:00 NG UMAGA SA BILI WAGANG PULINGAN NG BARANGAY DANGAY.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Cesar T. Baticos - Tagapangulo
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Eronita
Konsehal Jovito D. Estrada
Konsehal Gemmar C. Montes - Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo:



Konsehal King Philip B. Dimapilis - Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

KAPASYAHAN BLG. 012

Taong 2003

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA BARANGAY DANGAY AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

- SAPAGKAT ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang idao ang regular na sesyon sa ikalawa at ikaapat na Lunes ng bawat buwan sa mga barangay ng bayang ito;
- SAPAGKAT ang ikalawang barangay na pinagdausan ng pulong ay ang Barangay Dangay na ginanap ngayong Pebrero 24, 2003;
- SAPAGKAT ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng Dangay at ilang mamamayan at dito'y nagkaroon ng maayos at makabuluhang pagdidiyalogo ukol sa mga pangangailangan at mga proyektong ikauunlad ng barangay;
- SAPAGKAT ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunuang barangay ng Dangay at ng mga mamamayan nito sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawat mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may mahalagang bahaging ginagampanan;



SAPAGKAT ang Sangguniang Bayan Ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng Dangay sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at sa staff nito sa ginawang pagpupulong sa barangay ngayong Pebrero 24, 2003


DAHIL DITO, mungkahi ni Konsehal Hernan C. Erorita na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng Dangay at sa mga mamamayan nito ang taugpuong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at sa staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Pebrero 24, 2003.


IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Dangay, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Punong Barangay Ruben Cadon, para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay ng lahat. 24 Pebrero 2003

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


CESAR T. BATICOS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan